

GABAY NG MAGULANG SA PAGPAPASOK, PAGBABALIK- ARAL, AT PROSESO NG PAGPAPA-ALIS

Hulyo 2018



Pagpapakilala

Ang gabay na ito ay binuo ng Statewide Leadership for the Legal Framework Project Team at ng *Texas Education Agency (TEA)* bilang tugon sa pangangailangan sa *Texas Education Code (TEC)* § 26.0081. Ang gabay ay dinisenyo na mabigyan ka, bilang magulang ng isang bata na karapat-dapat o maaaring maging karapat-dapat sa special education services, ng mas mabuting pag-unawa ng proseso ng special education at ng iyong mga karapatang pang-pamamaraan (procedural rights) at mga responsibilidad upang lubos na makalahok ka sa proseso ng paggawa ng mga pagpapasya tungkol sa edukasyon ng iyong anak.

Ang *Individuals with Disabilities Education Act* of 2004 (**IDEA**) ay ang batas pederal na namamahala sa proseso ng special education. Isa sa mga pangunahing layunin ng IDEA ay ang masiguro na ang mga batang may kapansanan ay may matatanggap na libreng "*free appropriate public education (FAPE)*" na nagbibigay-diin sa special education at mga kaugnay na serbisyo (related services) na dinesenyo na matugunan ang kanilang natatanging pangangailangan at maihanda sila para sa higit pang edukasyon, pag-eempleyo, at pamumuhay ng nag-iisa. Ang *Special education* ay nangangahulugang espesyal na pagkakadisenyong pagtuturo na tutugon sa natatanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan. Ang mga *Related services* ay mga espesyal na serbisyo na kailangan upang masuportahan ang mga special education services ng mga mag-aaral upang makagawa sila ng pag-unlad sa pagpapatupad ng kanilang mga layuning pang-academic at pang-punsiyunal (functional). Maaaring kasama sa related services ang mga serbisyo gaya ng occupational therapy, physical therapy, speech-language therapy, serbisyo sa pagpapayo (counseling services), orientation at mobility services (serbisyo sa paggalaw), at/o serbisyo sa transportation.

Sa ilalim ng IDEA, ang mga magulang ay binibigyan ng malaking lebel ng paglahok sa bawat baytang ng prosesong special education. Pinapaliwanag ng gabay na ito ang ibat-ibang gawain na maaaring maganap sa proseso iyon. Upang lalo mo pang maunawaan ang iyong mga karapatang ligal sa ilalim ng IDEA, inuobliga ang paaralan na bigyan ka ng isang kopya ng isang dokumentong tinatawag na [Notice of Procedural Safeguards](#) sa ilang tiyak na panahon sa proseso ng special education. Kailangang maibigay sa iyo ang dokumento ng di bababa sa isang beses sa isang taon at kung maganap ang mga sumusunod na kalagayan:

- sa punto ng pag-refer o sa iyong paghiling ng unang pagsusuri (evaluation) ng iyong anak;
- sa punto ng pagtanggap ng unang reklamo ng estado (first state complaint) sa loob ng isang taong pagpasok sa paaralan (school year)
- sa punto ng pagtanggap ng unang hiling ng isang kinakailangang proseso ng pagdinig (due process hearing) sa isang school year;
- sa araw na makagawa ng pagpapasya na gumawa ng disciplinaryong pagbabago sa pagtatakda (disciplinary change of placement); at
- sa iyong kahilingan.

Sa Texas, ang pagka-karapat-dapat ng bata para sa special education services at karamihan sa nakararaming mga pagpapasya ukol sa programang special education ng bata ay ginawa ng isang komite ng *admission, review, and dismissal (ARD)*. Maari mo ring tukuyin ang grupong ito bilang *individualized education program (IEP)* team, ang tawag dito ayon sa batas pederal. Kung binuo ang isang komiteng ARD para sa'yong anak, magiging kasapi ka ng komiteng iyon.

Paulit-ulit na ia-update ang gabay na ito kapag may maganap na pagbabago sa pangangailangang pampederal at pang-estado ng special education. Isang electronic version na maaaring ma-print ay matatagpuan sa Region 18 Education Service Center webpage sa Legal Framework for the Child-Centered Special Education Process sa <http://framework.esc18.net/>.

Maraming mga petsa at deadline sa proseso ng special education. Sa publikasyon na ito, ang mga mahahalagang petsa at deadline na iyon ay inilarawan. Bilang karagdagan, ang isang on-line na kalakip na dokumento ay magagamit para makatulong na sagutin ang iyong mga katanungan tungkol sa panahon para sa pagsusuri, naunang nakasulat na paunawa, pagbabago, at mga pagbabalik-aral sa IEP at iba pang mga pangunahing konsepto. Ang *Timeline Decision Tree* ay makukuha sa <https://framework.esc18.net/display/Webforms/ESC18-FW-Documents.aspx?DT=G&LID=en>.

Talaan ng Nilalaman

| | |
|---|----|
| Pagpapakilala | i |
| Pamamagitan sa Maagang Kabataan | 1 |
| Tulong para sa Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan | 1 |
| Tugon sa Pamamagitan | 1 |
| Referral para sa Unang Pagsusuri | 2 |
| Naunang Nakasulat na Paunawa | 3 |
| Pagpayag ng Magulang | 3 |
| Unang Pagsusuri | 4 |
| Pagpupulong ng Komite sa Pagpapasok, Pagbabalik-Aral, at Pagpapa-alis | 4 |
| Pagiging Karapat-dapat | 6 |
| Programang Pang-indibidwal na Edukasyon | 7 |
| Kasalukuyang Lebel ng Pang-Academic na Natamo at Pang-Punsyonal na Pagganap | 8 |
| Taunang Layunin | 8 |
| Special Education, Kaugnay na Mga Serbisyo, at Pantulong (Supplementary Aids) at Mga Serbisyo | 9 |
| Pagtatasa ng Estado | 9 |
| Pagbabago ng kalagayan | 10 |
| Mga Mag-aaral na Nasa Hustong Gulang | 10 |
| Mga Batang May Awtismo | 11 |
| Mga Batang Bingi o Hiras Maka-rinig | 11 |
| Mga Batang Bulag o Hiras Makakita | 11 |
| Mga Plano sa Pamamagitan ng Pag-asal | 12 |
| Mga Serbisyo sa Pagpapahaba ng Taon ng Pasukan | 12 |
| Pagtatalaga | 12 |
| Pagpapasya ng Komiteng ARD | 13 |
| Kopya ng IEP | 13 |
| Pagbabalik-Aral ng Individualized Education Program | 13 |
| Muling Pagsusuri | 14 |
| Malayang Pang-Edukasyong Pagsusuri | 15 |
| Pagbawi ng Pagpayag Para sa Mga Serbisyo | 15 |
| Pagtatapos | 16 |
| Disiplina | 17 |
| Pinabilis na Kinakailangang Proseso ng Pagdinig | 20 |
| Pagtutol sa Kapasyahan | 20 |
| Karagdagang Tulong | 21 |

GABAY NG MAGULANG SA PAGPAPASOK, PAGBABALIK-ARAL, AT PROSESO NG PAGPAPA- ALIS

Early Childhood Intervention (Pamamagitan sa Maagang Kabataan)

Mayroong tulong para sa mga pamilya na may mga sanggol at maliliit na bata na mayroon pagka-antala sa pag-unlad. Ang ahensiya sa Texas na nagbibigay ng gayong maagang serbisyo ng pagpigil ay ang the Health and Human Services Commission (HHSC). Ang programa para sa mga napakamusmos na bata ay tinatawag na Early Childhood Intervention (ECI). Ang mga serbisyong ito ay para sa mga musmos na mas mababa sa tatlong taong gulang.

Sa gulang na tatlo, ang mga bata na may kapansanan ay maaring maging karapat-dapat sa mga serbisyo mula sa paaralang pampubliko. Hindi lahat ng kabataan na nakatanggap ng mga serbisyong ECI ay kwalipikado para sa mga serbisyong inilalaan ng pampublikong paaralan. Samakatuwid, hindi bababa sa 90 araw ng kalendaryo bago ang musmos ay tumanggap ng ECI na serbisyo na umabot ng tatlong taon, isang pagpupulong ang itatalaga upang matulungan ang pamilya na magbago ng kalagayan (transition) mula ECI services hanggang special education services, kung nararapat. Kung maging kwalipikado ang bata, kailangang handa ring mabigyan ng serbisyong special education ang bata sa pagsapit ng kanyang ikatlong kaarawan. Ang *Beyond ECI* (Sa Ibayo ng ECI) ay isang lathala na naglalaman impormasyon tungkol sa pagbabagong kalagayan mula sa programang maagang kabataan (early childhood program) patungong special education. Ang lathalang ito ay matatagpuan sa https://www.navigatelifetexas.org/uploads/files/general-files/Beyond-ECI-ECI-17_1117.pdf.

Tulong para sa Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan

Kung ikaw ay may inaalala sa iyong anak na nasa edad ng pagpasok sa paaralan sa kanyang kakayahang matuto o pag-asal, ang unang hakbang ay ang kausapin ang kanyang guro o ang school principal tungkol sa iyong mga inaalala. Kung mabigo ka sa hakbang na ito, dapat mong alamin sa isang tauhan ng paaralan ang tungkol sa paggawa ng referral sa student support team na naka-base sa loob ng paaralan, na binubuo ng isang team ng mga guro, at ibang tauhan na palagiang nagpupulong upang matalakay ang ano mang suliranin sa kakayahang matuto o sa pag-asal ng bata.

Bago ma-refer ang bata na dumaranas ng kahirapan sa pangkalahatang edukasyon sa silid-aralan (general education classroom) sa pagsusuri sa special education, kailangang isa-alang-alang ang bata sa lahat ng serbisyong pang-suporta na maihahandog sa lahat ng bata. Maaaring kasama sa mga serbisyo na ito, ngunit hindi limitado sa: tutoring; panlunas na serbisyo (remedial services); serbisyong pagtumbas (compensatory services); tugon sa maka-agham at base sa pag-aaral (research-based) na pamamagitan; ay ibang pang-academic o serbisyo sa suporta sa asal (behavior support).

Tugon sa Pamamagitan

Itinuturo ng Batas Pederal sa mga paaralan na magpokus sa pagtulong sa lahat ng mga bata na matutong lutasin ng maaga ang mga problema. Ang *Response to Intervention (RtI)* ay isang paraan ng pagtukoy na ginagamit ng maraming paaralan sa pagkilala at pagtulong sa mga bata na nanganganib na hindi pumasa sa tasahan ng gradong lebel o grade-level standards. Ang The basikong elemento sa isang RtI pagtukoy ay: ang pagbibigay ng maka-agram at base sa pagsusuri na pagtuturo at pamamagitan sa pangkalahatang edukasyon sa silid-aralan; pag-monitor at pagsukat ng pag-unlad ng bata sa pagtugon sa mga pamamagitan; at paggamit ng mga sukat ng pag-unlad na ito sa paggawa ng pagpapasyang pang-edukasyon.

Kasama sa RtI na pagtukoy ang isang sistema ng ibat-ibang lebel ng pamamagitan kung saan ang bawat lebel ay kumakatawan sa isang lalong tumitinding lebel ng serbisyo. Ang mga pamamagitan na hinahandog sa bata ay tuloy-tuloy na babaguhin ayon sa pag-monitor ng pag-unlad hanggang sa sapat nang umuunlad ang bata. Ang mga bata, na hindi umaayon sa mga unang pamamagitan sa loob ng risonableng panahon, sa pagmungkahi ng pag-aaral, ay inire-refer sa mas matinding pamamagitan.

Hindi kailangang umangat ang bata sa bawat lebel ng sistemang RtI bago magkaroon ng referral para sa special education. Kapag naging maliwanag na hindi sapat ang pamamagitan sa pangkalahatang edukasyon o general education interventions, kailangang mag-suspetsa ang yauhan ng paaralan na ang bata ay may kapansanan at kinakailangan nilang magsimula ng referral. Maaari ring humiling ang mga magulang ng referral sa ano mang oras tumatanggap man o hindi ng pamamagitan ang bata mula sa sistemang RtI.

Ang higit na karagdagang impormasyon ukol sa prosesong RtI ay matatagpuan sa <http://tea.texas.gov/index2.aspx?id=2147500224>.

Referral para sa Unang Pagsusuri (Evaluation)

Ang isang paaralan ay may apirmatibong tungkuling gumawa ng referral para sa unang pagsusuri para sa serbisyong special education sa ano mang oras na pinagsususpetsahabg may kapansanan ang isang bata at kinakailangan ang serbisyong special education sa ilalim ng IDEA. Maaari ka ring magsimula ng isang referral para sa unang pagsusuri ng iyong anak sa no mang oras.

Kung nagpadala ka ng hiling na nakasulat sa patnugot ng lokal na ahensyang pang-edukasyon ng serbisyo sa special education o sa isang empleyadong namamahala ng distrito para sa unang pagsusuri para sa serbisyong special education, kinakailangan ng paaralan, ng di tatagal sa ika-15 araw ng pagpasok sa paaralan pagkatapos ng petsa na matanggap ng paaralan ang hiling, na mabigyan ka ng: 1) naunang nakasulat na paunawa ng kanilang mungkahi na magsagawa ng pagsusuri, isang kopya ng [Paunawa ng Mga Pamamaraan ng Pangangalaga](#), at ng pagkakataong magbigay ng nakasulat na pagpayag para sa pagsusuri; o 2) naunang nakasulat na paunawa ng kanilang pagtanggap suriin ang iyong anak at isang kopya ng [Paunawa ng Pamamaraan ng Pangangalaga](#).

Mangyaring tandaan na ang kahilingan para sa pagsusuri sa special education ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pakikipag-usap at hindi na kinakailangan ng sulat. Dapat pa ring sumunod ang mga distrito at paaralang may bayad sa lahat paunawa ng pederal na kinakailangan para sa pagtutukoy, paghahanap, at pagsusuri sa mga bata na pinaghihinalaan na may kapansanan at nangangailangan ng special education. Gayunpaman, hindi kinakailangan ng distrito o paaralang may bayad na sumagot sa loob ng 15 araw na may pasok sa kahilingan sa pamamagitan ng pakikipag-usap.

Naunang Nakasulat na Paunawa

Isa sa iyong mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay ang tumanggap ng naunang nakasulat na paunawa (prior written notice) ukol sa ilang mga aksyon patungkol sa iyong anak bago pa gumawa ng aksyon ang paaralan. Sa katiyakan, kailangan ng paaralan na mabigyan ka ng naunang nakasulat na paunawa sa iyong katutubong wika o ibang paraan ng pakikipag-ugnayan kung ito ay:

- magmungkahing magsimula o magbago ng pagkilala (identification), pagsusuri, programang pang-edukasyon, o pagtatakdang pang-edukasyon ng iyong anak o ang pagtustos ng FAPE sa iyong anak (kasama ang pagbabago na dinulot ng iyong pagbawi ng iyong pagpayag para sa patuloy na pagtustos ng special education at mga kaugnay na serbisyo); o
- pag-ayaw nila na magsimula o magbago ng pagkilala, pagsusuri, programang pang-edukasyon, o pagtatakdang pang-edukasyon ng iyong anak o ang pagtustos ng FAPE sa iyong anak

Kailangang mabigay ang naunang nakasulat na paunawa ng di bababa sa limang araw ng pagpasok sa paaralan bago pa maisagawa o matanggihang gawin ang aksyon na minungkahi ng paaralan, maliban na lang kung sumasang-ayon ka sa mas maikling timeframe. Kailangang magbigay ang paaralan ng naunang nakasulat na paunawa pumayag ka man o humiling ng pagbabago dito.

Pagpayag ng Magulang

May ilang mga aktibidad sa prosesong special education na hindi maaaring maganap maliban lang kung makuha ng paaralan ang iyong pagpayag. Kailangang buo ang pagpapaalam ng lahat ng mga impormasyon sa iyo na kinakailangan upang makagawa ng mabuting pagpapasya, kasma ang isang pagsasalarawan ng iminungkahing aktibidad. Ang impormasyon ay kailangang nakasulat sa iyong katutubong wika o sa ibang paraan ng pakikipag-ugnayan. Kung may mga rekord na ilalabas, kailangang ilita ng paaralan ang mga rekord at kung kanino ito ilalabas.

Kapag nagbigay ka ng pagpayag, nangangahulugang nauunawaan mo at pumapayag kang pasulat na isagawa ng paaralan ang aktibidad na hinihingan ng pagpayag. Importanteng nauunawaan mo na ang pagpayag ay boluntaryo at maaaring mabawi sa ano mang oras bago maganap ang aktibidad. Gayunpaman, kung binawi mo ang iyong pagpayag sa aktibidad, hindi ito balik-bisa (retroactive).

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng iyong pagpayag:

- pagsuri ng iyong anak sa unang pagkakataon;
- muling pagsuri ng iyong anak kung kinakailangan ng karagdagang impormasyon;
- paghandog ng serbisyong special education at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon;
- pagpatawad sa komiteng ARD na kasapi sa pagsipot sa pulong ng komiteng ARD; at
- pagimbata ng kinatawan ng ano mang kalahok na ahensya na malamang na maging risponsable sa paghahandog o pagpagbayad ng pangalawang serbisyo ng pagbabagong kalagayan.

Unang Pagsusuri

Kapag binigay mo ang iyong pagpayag sa unang pagsusuri, magsasagawa ang paaralan ng pagsusuri ng iyong anak sa lahat ng lugar ng suspetsang kapansanan upang mapagpasya kung ang iyong anak ay may kapansanan at upang matiyak ang kanyang pangangailangang pang-edukasyon. Ang proseso ng pagsusuri para sa'yong anak ay kinakailangang:

- may impormasyon tungkol sa pang-akademikong pang-paunlad at pang-punsiyonal na pagganap;
- pamahalaan ng mga sinanay at may kaalaman na mga tauhan;
- pamahalaan sa katutubong wika ng iyong anak o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan; at
- walang kinikilingan, o binigay sa paraang hindi mag-diskrimina laban sa'yong anak, ano man ang kanyang kulturang kinabibilangan, lahi, o kapansanan.

Ang unang pagsusuri at ang maging resultang report ay kailangang matapos ng hindi tatagal ng 45 araw ng pagpasok sa paaralan mula sa araw na matanggap ng paaralan ang iyong nakasulat na pagpayag, maliban kung ang iyong anak ay naging absent sa paaralan sa panahon ng pagsusuri ng tatlo o higit pang araw ng pagpasok, ang panahon ng pagsusuri ay kailangang mapahaba ng ilang araw ng pagpasok na katumbas dami ng araw na naging absent ang iyong anak. Kailangang mabigyan ka ng paaralan ng libreng kopya ng report ng pagsusuri.

Kung ang edad ng iyong anak ay kulang sa limang taon sa pagsapit ng ika-1 ng Setyembre ng taon ng pasukan (school year) at sya ay hindi naka-enroll sa pampublikong paaralan, o sya ay naka-enroll sa pribadong paaralan o tinuturuan sa tahanan (home school) ano man ang edad, kinakailangang ang unang pagsusuri at ang resultang report ay matapos ng hindi tatagal sa 45 araw ng pagpasok mula sa araw na matanggap ng paaralan ang iyong nakasulat na pagpayag.

Walang kataliwasan (exception) sa 45 araw ng pagpasok na timeline kung matanggap ng paaralan ang iyong pagpayag para sa unang pagsusuri ng di bababa sa 35 ngunit di hihigit sa 45 araw ng pagpasok sa paaralan bago sa huling araw ng pagtuturo sa taon ng pasukan na iyon. Sa kasong ito, ang nakasulat na report ka kailangang matapos at maihandog sa'yo sa pagsapit ng ika-30 ng Hunyo ng taong iyon. Gayunpaman, kung absent ang iyong anak sa paaralan sa tatlo o higit pang araw sa panahon ng pagsusuri, ang deadline na ika-30 ng Hunyo ay mawawalan ng bisa. Sa halip, ang pangkalahatang timeline na 45 araw ng pagpasok sa paaralan at karagdagang pagpapahaba para sa mga pag-absent ng tatlo o higit pang araw ay gagamitin.

Kung hindi ka pumayag sa unang pagsusuri, hindi obligado ngunit maaaring ipursigi ng paaralan ang pagsusuri sa paghingi ng pamamagitan o paghiling ng isang kinakailangang proseso ng pagdinig. Kung pagpasyahan ng paaralan na hindi na ipursigi ang pagsusuri, hindi lalabag ang paaralan sa kinakailangan sa ilalim ng IDEA upang makilala, mahanap, at masuri ang lahat ng bata na may kapansanan na nangangailangan ng special education at kaugnay na mga serbisyo.

Ang pangangailangang ito ay kinikilalang child find duty (tungkuling hanapin ang bata)

Pagpupulong ng Komite sa Pagpapasok, Pagbabalik-aral, at Pagpapa-alis

Pagkatapos ng natapos na report ng unang pagsusuri, isang komiteng ARD ay kailangang mabuo upang mapagbalik-aralan ang report at matiyak kung kwalipikado ang iyong anak sa special education at kaugnay na mga serbisyo. Ang mga kasapi ng komiteng ARD ay ang mga sumusunod:

- ikaw, ang magulang;
- isa man lang na guro ng bata sa regular na edukasyon;
- isa man lang na guro ng bata sa special education o tagapag-bigay (provider) ng bata na dapat, kung maaari, ay isang guro na responsable sa pagpapatupad ng bahagi ng IEP ng bata;
- isang kinatawan ng paaralan;
- isang tao na makakapag-salin ng mga pagtuturong kahulugan (instructional implications) ng mga resulta ng pagsusuri;
- ibang mga taong may kaalaman o espesyal na pagkadalubhasa sa bata at naimbitamo o ng paaralan;
- kapag nauugma, ang bata;
- hanggang sa abot-saklaw na nararapat, kasama ang iyong nakasulat na pagpayag o, matapos maging 18 taong gulang ang iyong anak, kasama ang nakasulat na pagpayag ng iyong nasa hustong gulang na anak, isang kinatawan ng ano mang kalahok na ahensya na malamang na magiging risponsible sa paghahandog o pagbabayad para sa mga serbisyo ng pagbabago ng kalagayan;
- isang kinatawan mula sa karera at teknikal na edukasyon, hanggat maaari ay isang guro, kung ang bata ay pinag-aaralan para sa una o patuloy na pagtatakda sa karera o teknikal na edukasyon; at
- isang kasaping propesyonal ng tauhan na nasa komite ng language proficiency assessment (pagtatasa sa kagalingan sa wika), kung nakilala na ang bata ay mag-aaral ng wikang Ingles.

Maaari ring makasama sa komiteng ARD, kapag nararapat:

- isang guro na sertipikado sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may masamang pangdinig, kung pinagsususpetsahan na ang bata o dokumentado na ito ay may masamang pangdinig;
- isang guro na sertipikado sa edukasyon ng mga mag-aaral na may masamang paningin, kung ang bata ay pinagsususpetsahan o dokumentado na may masamang paningin; o
- isang guro na sertipikado sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may masamang paningin at isang guro na sertipikado sa pagtuturo ng mga mag-aaral na may masamang pangdinig, kung pinagsususpetsahan o dokumentado ang bata na may "deaf-blindness" o bingi't bulag.

Kailangang maimbita ka ng paaralan sa bawat pagpupulong ng komiteng ARD para sa'yong anak at makagawa ng pagsisikap na masiguro na isa o parehong magulang ay lumahok. Isang nakasulat na paunawa ng pagpupulong ay kailangang mabigay sa'yo ng di bababa sa limang araw ng pagpasok sa paaralan bago sumapit ang pagpupulong, maliban kung sumang-ayon ka sa mas maikling timeframe. Kailangang kasama sa nakasulat na paunawa ang layunin, oras, lugar na pangyayarihan ng pulong, at isang listahan ng kung sino ang dadalo sa pagpupulong. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles, kailangang magbigay ang paaralan ng paunawa sa iyong katutubong wika, maliban kung sadyang hindi maaari na gawin ito. Kung ang iyong katutubong wika ay hindi isang nakasulat na wika, kailangang gumawa ng hakbang ang paaralan upang tiyakin na ang paunawa ay isinalin sa salita o sa pamamagitan ng ibang paraan upang iyong maintindihan ang paunawa.

Ang pagpupulong ng komiteng ARD ay kailanganag maganap sa oras at lugar na sinang-ayunan mo at ng paaralan. Kung ang oras at petsa na minungkahi ng paaralan ay hindi maalwan para sa'yo, kailangang gumawa ng risonableng pagsisikap ang paaralan na makahanap ng oras na makapag-pulong kayo. Kung 'di maaari ang kapwa magulang na makadalo sa pagpupulong, maaari kayong lumahok sa alternatibong paraan gaya ng gamit ang telepono o videoconferencing. Kung nabigo ang paaralan na kumbinsihin kang dumalo, makakapagsagawa ang paaralan ng pagpupulong na wala ka.

Ang isang kasapi ng komiteng ARD ay maaaring mapatawad (excused) sa pagdalo ng parte o kabuuan ng pagpupulong ng komiteng ARD kapag ang pagdalo ng taong iyon ay hindi naman kailangan sapagkat ang kanyang lugar ng kurikulum o kaugnay na serbisyo ay hindi naman binabago o pinag-uusapan sa pulong. Kailangang sumang-ayon ka sa patawad na ito ng pasulat.

Ang isang kasapi ng komiteng ARD ay maaari ring mapatawad sa pagdalo ng pagpupulong kapag may gagawing pagbabago, o pagtatalakay sa lugar ng kurikulum o kaugnay na serbisyo ng kasapi. Kung sumang-ayon ka at ang paaralan sa patawad ng pasulat at ang tao na pinatawad ay nagsumite ng nakasulat na kuro-kuro (input) para sa pagpapa-unlad ng IEP bago pa maganap ang pulong.

Pagiging Karapat-dapat

Mayroong dalawang-parteng pagsubok para m atiyak kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa special education at mga kaugnay na serbisyo: (1) kailangang may kapansanan ang iyong anak; at (2) bilang resulta ng kapansanan, kinakailangan ng iyong anak ng special education at kaugnay na mga serbisyo na may maibibigay na benepisyo mula sa edukasyon. Upang makamit ang unang parte ng dalawang-parteng pagsubok para sa pagiging karapat-dapat, ang isang bata na may 3 hanggang 21 taong gulang, maliban kung may nabanggit, ay kinakailangang pumasa sa mga panukatan para sa isa o higit pang kategoryang pang-kapansanan na naka-lista sa ibaba:

- masamang pangdinig (mula sa pagsilang);
- awtismo (autism);
- bingi't-bulag (mula sa pagsilang);
- pandamdaming bagabag (emotional disturbance);
- kapansanang pang-intelektwal;
- maramihang kapansanan (multiple disabilities);

- walang-kategoryang maagang kabataan (edad tatlo hanggang lima);
- masamang ortopedya (orthopedic impairment);
- iba pang kasamaan sa kalusugan;
- tiyak na kapansanan sa kakayahang matuto;
- kahirapan/kasamaan sa pananalita o wika;
- tromatikong pinsala sa utak; o
- masamang paningin (kasama ang pagkabalag mula sa pagsilang).

Kailangang isagawa ng komiteng ARD ang pagtitiyak ng pagiging karapat-dapat sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagtatapos ng unang pagsusuri na report. Kung ang ika-30 na araw ay matapat sa tag-init at walang pasok sa paaralan, may pagkakataon ang komiteng ARD hanggang sa unang araw ng klase sa tag-lagas upang matapos ang mga pagpapasya patungkol sa unang pagtitiyak ng pagiging karapat-dapat, ng IEP, ng pagtatakda; maliban kung ang unang pagsusuri ay nagpapahiwatig na ang bata ay mangangailangan ng mga serbisyo sa pagpapahaba ng taon ng pasukan (**ESY**) sa tag-init.

Ngunit kung ang paaralan ay matanggap ang iyong pagpayag para sa unang pagsusuri ng hindi bababa sa 35 ngunit hindi hihigit ng 45 araw ng pagpasok bago sa huling araw ng pagtuturo ng taon ng pasukan at ang iyong anak ay hindi naging absent ng tatlo o higit pang araw sa panahon ng iyong pagbigay ng pagpayag hanggang sa huling araw ng pagtuturo (ang mga kundisyon ay nakamit para matanggap ang report ng pagsusuri sa pagsapit ng ika-30 ng Hunyo), ang komiteng ARD ay kinakailangang magpulong ng hindi tatagal sa ika-15 araw ng pagpasok ng susunod na taon ng pasukan para maisa-alang-alang ang report ng pagsusuri, maliban kung nagpapahiwatig ang pagsusuri na ang iyong anak ay mangangailangan ng serbisyong ESY sa tag-init. Kung ipinapahiwatig ng pagsusuri na ang iyong anak ay mangangailangan ng serbisyong ESY sa tag-init, kailangang mabisang magpulong ang komiteng ARD hanggat maaari upang matiyak ang pagsusuri ng bata.

Hindi lahat ng nahihirapang matuto ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng special education. Kung ang problema ng iyong anak ay pangunahing nagmumula sa kakulangan ng nararapat na pagtuturo sa pagbabasa o Matematika o dahil sa ang bata ay may limitadong kagalingan sa wikang Ingles, hindi karapat-dapat ang iyong anak sa serbisyo ng special education. Kung ipinahihiwatig ng pagsusuri na ang iyong anak ay walang kapansanan, ang support team na naka-base sa loob ng paaralan ay maaaring magpulong at magmungkahi ng ibang serbisyo o programa sa pangkalahatang edukasyon upang matulungan ang iyong anak.

Kung ipapakita ng pagsusuri na ang iyong anak ay may kapansanan, kailangang talakayin ng komiteng ARD ang pangalawang parte ng dalawang-parteng pagsubok sa pagiging karapat-dapat sa pagpasya kung ang iyong anak ay nangangailangan ng special education at kaugnay na mga serbisyo na may makukuhang benepisyo sa edukasyon. Kung ang iyong anak ay walang pangangailangang pang-edukasyon para sa serbisyongr special education, hindi sya karapat-dapat sa ano mang ganitong mga serbisyo.

Programa ng Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program)

Kung maging kwalipikado ang iyong anak sa mga serbisyong special education, obligado ang paaralan na maghandog ng FAPE sa isang pinaka-malayang kapaligiran. Natatamo ito sa pagpapaunlad ng komiteng ARD ng IEP at ng pagpapatupad ng paaralan ng IEP. Bago makapaghandog ang paaralan ng ano mang unang serbisyong special education at kaugnay na mga serbisyo; gayunpaman, kailangang makuha ang iyong pagpayag para sa mga serbisyo. Kailangang gumawa ng risonableng pagsisikap ang paaralan na makuha ang iyong pagpayag para sa paunang paghahandog ng mga serbisyo. Kung hindi ka sumang-ayon sa mga paunang serbisyo, maaaring hindi humingi ang paaralan ng pamamagitan o humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig upang maibabawan ang iyong pagtanggì na magbigay ng pagpayag sa mga serbisyo. Walang special education at kaugnay na mga serbisyo ang ihahandog kung tumanggi ka sa pagpayag.

Kasama sa mga pangunahing sangkap ng IEP ang:

- kasalukuyang lebel ng iyong anak sa mga natamong *academic at pang-punsyonal na pagganap (PLAAFP)*;
- mga taunang layunin;
- isang pagpapaliwanag ng mga special education, mga kaugnay na serbisyo, at mga pantulong (supplementary aids) at mga serbisyong ibibigay;
- impormasyon patungkol sa paglahok ng iyong anak sa pang-estado at pang-distritong pagtatasa;
- mga serbisyong pagbabago ng kalagayan (transition services), kapag nararapat sa edad; at
- ibang mga lugar na kailangang matalakay para sa mga bata na may tiyak na kapansanan, pangangailangan, o kalagayan.

Ang TEA ay nagpaunlad ng isang pormang modelo na maaaring matagpuan sa <http://tea.texas.gov/index2.aspx?id=2147504486>. Maaaring gamitin ng paaralan ng iyong anak ang modelong ito o iba pang pormang modelo.

Sa pagpapaunlad ng IEP, may ilang mga bagay na kailangang isa-alang-alang ang komiteng ARD, kasama ang:

- kagalingan ng iyong anak;
- ang iyong mga inaalala para sa pagpapagaling ng kanyang edukasyon;
- mga resulta ng mga katatapos na pagsusuri ng iyong anak; at
- ang academic, pagpapaunlad, at pang-punsyonal na pangangailangan ng iyong anak.

Bilang karagdagan, kailangang talakayin ng komiteng ARD ang ilang espesyal na sanhi para sa ilang mga bata, gaya ng mga sumusunod:

- pag-isipan ang paggamit ng positibong pamamagitan sa asal at mga suporta, at ibang istrategiya, upang matalakay ang pag-asal na iyon kung ang pag-asal ng bata ay nagiging balakid sa kakayahang matuto;
- pag-isipan ang pangangailangan sa wika ng bata at kung paano ang mga iyon ay nauugnay sa IEP ng bata kapag sya ay naging kwalipikado bilang isang bata na may limitadong kagalingan sa Ingles;

- magbigay ng pagtuturo sa brayle (braille) at paggamit nito, maliban kung natiyak ng komite na ang pagtuturo ng brayle o ang paggamit nito ay hindi nararapat sa bata kung ang bata ay bulag o may masamang paningin;
- pag-isipan ang mga pangangailangan ng bata sa pakikipag-ugnayan, at para sa batang bingi o hirap na makarinig, pag-isipan ang wika ng bata at pangangailangan sa pakikipag-ugnayan, mga pagkakataon para sa hayagang pakikipag-ugnayan sa mga kabarkada at mga tauhang propesyonal sa wika ng bata at paraan ng pakikipag-ugnayan, pang-academic na lebel, at kabuuang dami ng pangangailangan, kasama ang mga pagkakataon para sa hayagang pagtuturo sa wika ng bata at paraan ng pakikipag-ugnayan; at
- pag-isipan kung kailangan ng bata ang pantulong na teknolohiya (assistive technology) n mga kagamitan at serbisyo.

Kasalukuyang Lebel ng Pang-Academic na Natamo at Pang-Punsyonal na Pagganap

Kailangang maglaman ang IEP ng isang pahayag ng PLAAFP ng iyong anak. Kailangang masama sa pahayag na ito kung paano nakaka-apekto ang kapansanan sa pakikisalamuha at progreso sa pangkalahatang kurikulum. Kung ang iyong anak ay isang "preschool" na bata, kailangang maipaliwanag ng pahayag kung paano naaapektuhan ng kapansanan ang paglahok sa mga aktibidad na nararapat sa edad ng bata.

Taunang Layunin (Annual Goals)

Kailangang maglaman ang IEP ng mga masusukat na taunang layunin na dinisenyo na makamit ang pangangailangan ng iyong anak na nagmula sa kapansanan upang sya ay makalahok at umunlad sa pangkalahatang kurikulum. Ang mga layunin na ito ay kailangang tumalakay ng ibang pangangailangang pang-edukasyon na nagbunga ng kapansanan ng bata. Kailangang maipaliwanag ng IEP kung paano masusukat ang kaunlaran ng iyong anak patungo sa taunang layunin pati na kung kailan ibibigay sa'yo ang progress report o ulat ng pag-unlad.

Special Education, Kaugnay na Mga Serbisyo, at Pantulong (Supplementary Aids) at Mga Serbisyo

Pinagpapasyahan ng komiteng ARD kung anong mga serbisyo ang kakailanganin upang:

- mabigyan ng kakayahan ang bata na sumulong ng tama patungo sa pagkamit ng taunang layunin;
- mapasama at umunlad sa pangkalahatang kurikulum (kasama ang paglahok sa extracurricular at di pang-academic na aktibidad); at
- matuto at lumahok kasama ang mga bata na walang kapansanan.

Kailangang makasama sa IEP ang isang pahayag ng kinakailangang special education, mga kaugnay na serbisyo, at pantulong at mga serbisyo na ihahandog sa iyong anak o sa ngalan ng iyong anak. Ang mga serbisyong ito ay base sa mga pag-aaral ng mga kabarkada na nagbalik-aral nito (peer-reviewed research) sa pinaka-praktikal na maaabot nito.

Bilang karagdagan, kailangang maglaman ang IEP ng pahayag ng ano mang kinakailangang pagbabago sa programa at mga suporta para sa mga tauhan ng paaralan na ibibigay. Kailangan ring makasama sa IEP ang petsang hinahangad na ma-umpisahan ang serbisyo at mga pagbabago at mga inaasahang dalas ng pangyayari, lokasyon, at haba ng mga serbisyo at pagbabago.

Pagtatasa ng Estado (State Assessments)

Sa ilalim ng batas pederal, ang mga pagtatasa ng estado ay kailangang ibigay sa lahat ng bata upang matiyak kung nagtagumpay ang mga paaralan sa pagtuturo ng mga bata ng mga panukat na pang-academic na nilalaman ng estado. Sa Texas, ang nilalamang pang-academic na panukat ay kilala bilang Texas Essential Knowledge and Skills (Importanteng Kaalaman at Kakayahan) na matatagpuan sa TEA website sa <http://tea.texas.gov/index2.aspx?id=6148>. Ang mga bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa special education ay kukuha ng nararapat na pang-estadong pagtatasa na base sa lebel ng baytang na nilalaman.

Kung mapag-alaman ng komiteng ARD na mangangailangan ng mga pag-aareglo (accommodations) para sa'yong anak para makalahok sya sa mga pagtatasa, kailangang maglaman ang IEP ng isang pahayag ng mga nararapat na pag-aareglo. Ang mga impormasyon sa pag-aareglo ay matatagpuan sa <http://tea.texas.gov/student.assessment/accommodations/>.

Kung mapag-alaman ng komiteng ARD na kakailanganin ng iyong anak na kumuha ng alternatibong pagtatasa sa halip na isang partikular na estado o pang malawakang-distrito na pagtatasa, kailangang magkaloob ng mga pahayag patungkol sa dahilan ng di paglahok ng bata sa regular na pagtatasa at kung bakit ang partikular na alternatibong pagtatasa na pinili ay nararapat sa bata. Bilang karagdagan, kailangang maglaman ang IEP ng iyong anak ng paglalarawan ng mga "benchmarks" (sukatan ng pagpasa) o panandaliang layunin bilang parte ng mga taunang layunin ng bata.

Kung hindi kasiya-siya ang naging kaganapan ng pang-estadong pagtatasa ng iyong anak, kailangang talakayin ng komiteng ARD ang paraan ng paglahok ng bata sa isang pinabilis na programa ng pagtuturo o matinding programa ng pagtuturo.

Pagbabago ng kalagayan (Transition)

Hinihingi ng IDEA at ng batas ng estado na ang mga IEP para sa nakatatandang mag-aaral ay tumatalakay sa mga serbisyong pagbabago ng kalagayan. Ang mga serbisyo ng pagbabago ng kalagayan ay kinokoordinang pangkat ng mga aktibidad na dinisenyo upang mailipat ang bata mula sa paaralan papunta sa mga aktibidad pagkatapos ng klase. [Gayunman, ang edad kung saan dapat magsimula ang plano ng pagbabago, ay nag-iiba sa ilalim ng pederal na batas . Simula sa 2018-2019 na taon ng pagpasok, hindi lalampas kapag ang mag-aaral ay naging 14 taong gulang, dapat itong isaalang-alang ng komite ng ARD at, kung nararapat, tugunan ang mga sumusunod na isyu sa IEP:](#)

- (1) [angkop na pagiging kasangkot ng mag-aaral sa pagbabago ng kalagayan ng mag-aaral sa buhay sa labas ng sistema ng pampublikong paaralan;](#)
- (2) [kapag ang mag-aaral ay mas bata sa 18 taong gulang, ang angkop na pagiging kasangkot ng magulang ng mag-aaral sa pagbabago ng kalagayan ng mag-aaral at iba pang mga tao na imbitadong makilahok ng:](#)
 - (A) [magulang ng mag-aaral;](#) o
 - (B) [distrito ng paaralan kung saan nakatala ang mag-aaral;](#)
- (3) [kapag ang mag-aaral ay 'di bababa sa 18 taong gulang, ang pagiging kasangkot ng mag-aaral sa pagbabago ng kalagayan at kinabukasan ng magulang ng mag-aaral at iba pang mga tao, kung ang magulang o ang ibang tao:](#)

- (A) ay imbitado ng mag-aaral na makilahok o ng distrito ng paaralan kung saan nakatala ang mag-aaral; o
- (B) mayroong pahintulot ng makilahok sa ilalim ng suportadong kasunduan sa paggawa ng desisyon;
- (4) naaangkop na postsecondary education na pagpipilian, kabilang ang paghahanda para sa postsecondary-antas ng gawain
- (5) isang angkop na pagganap ng bokasyonal na pagsusuri;
- (6) angkop na layunin at tunguhin sa pagtatrabaho;
- (7) kapag ang mag-aaral ay 'di bababa sa 18 taong gulang, ang pagkakaroon ng angkop sa edad na mga kapaligiran sa pagtuturo, kabilang ang kalagayan ng komunidad o kapaligiran na naghahanda sa mag-aaral para sa postsecondary education o pagsasanay, kumpetitibong binuong pagtatrabaho, o pamumuhay ng Malaya alinsunod sa mga layunin at tunguhin ng pagbabago ng kalagayan ng mag-aaral;
- (8) angkop na mga layunin at tunguhin sa pamumuhay ng malaya;
- (9) angkop na mga kalagayan para sa pagsasagawa ng referral ng mag-aaral o ang magulang ng mag-aaral sa ahensiya ng gobyerno para sa mga serbisyo o pampublikong mga benepisyo, kabilang ang referral sa paglalagay ng ahensiya ng gobyerno sa mag-aaral sa listahan ng naghihintay para sa mga pampublikong benepisyo na nakalaan para sa mag-aaral; at
- (10) ang angkop na paggamit ng nakalaan;
 - (A) and mga karagdagang tulong, serbisyo, kurikulum, at iba pang mga oportunidad para saklolohan ang mag-aaral sa paglinang ng mga kasanayan sa paggawa ng desisyon; at
 - (B) sumusuporta at nagseserbisyo para pasulungin ang kalayaan ng mag-aaral at determinasyon sa sarili, kabilang ang suportadong kasunduan sa paggawa ng desisyon.

Hinihingi ng batas pederal na simula ng hindi tatagal sa unang IEP na maging epektibo kapag sumapit ang ika-16 na taon ng bata, o mas bata pa kung matiyak na nararapat ng komiteng ARD, kailangang magsama ang IEP ng nararapat na post-secondary na layuning masusukat base sa mga nararapat sa edad na mga pagtatasa ng pagbabago ng kalagayan na may kaugnayan sa pagsasanay, edukasyon, pag-empleyo at, kung saan nararapat, mga kakayahan sa pamumuhay ng nag-iisa (independent living skills). Kailangang isama sa IEP ang mga serbisyo sa pagbabago ng kalagayan na kinakailangan upang matulungan ang bata sa pag-abot ng kanyang mga layunin.

Kailangang maimbita ang iyong anak sa pagpupulong ng komiteng ARD kung kailan pag-uusapan ang tungkol sa mga serbisyo sa pagbabago ng kalagayan. Kapag ang iyong anak ay 'di pa 18 at 'di bababa sa 14, dapat ding isaalang-alang ng komiteng ARD ang pagiging kasangkot ng mag-aaral sa pagbabago ng iyong kalagayan at iba pang mga tao na iyong imbitado at ng paaralan na makilahok. Bilang karagdagan, sa abot na nararapat, sa iyong pagpayag na nakasulat o pagpayag na nakasulat ng nasa wastong gulang na mag-aaral, kailangang maimbita ng paaralan ang isang kinatawan ng ano mang kalahok na ahensiya na malamang ay magiging risponsable sa pagkakaloob o pagtutustos para sa mga serbisyo sa pagbabago ng kalagayan.

Sa sandali na ang iyong anak ay nag-18, dapat isaalang-alang ng komiteng ARD, kung angkop, tugunan ang pagiging kasangkot ng pagbabago ng kalagayan ng mag-aaral at iyong kinabukasan at iba pang mga tao, kung ikaw o ang ibang tao:

- ay imbitado na makilahok ng nasa hustong gulang na mag-aaral o ng LEA na kung saan nakatala ang nasa wastong gulang na mag-aaral; o
- may pahintulot ng nasa hustong gulang na mag-aaral na makilahok alinsunod sa suportadong kasunduan sa paggawa ng desisyon.

Mga Mag-aaral na Nasa Hustong Gulang

Kapag sumapit ang inyong anak sa edad 18, ang bata ay nagiging isang nasa hustong gulang na mag-aaral. Ang mga nasa hustong gulang na mag-aaral ay may karapatan na gumawa ng mga desisyon sa kanilang sarili maliban kung tinukoy ng batas na walang kakayahan. Sa pagpupulong ng komiteng ARD na ginaganap ng hindi bababa sa isang taon bago mag-18 ang inyong anak, malalaman ng inyong anak na ang karapatan na magsagawa ng mga pang-edukasyon na desisyon ay malilipat sa kanila mula sa kanilang mga magulang. Dapat na kasama sa IEP ng inyong anak ang pahayag upang patotohanan na ang magulang at ang anak ay may kabatiran sa paglilipat ng karapatan. Dapat din na may kasama itong pahayag na naglalarawan ng impormasyon at pinagkunan na ibinahagi tungkol sa pangangalaga, mga alternatibo sa pangangalaga, at impormasyon na ibinahagi tungkol sa iba pang mga suporta at serbisyo na idinisenyo para sakloloan ang pamumuhan ng malaya.

Kapag nalipat sa iyong nasa hustong gulang na mag-aaral ang karapatan, ikaw at ang iyong nasa hustong gulang na mag-aaral ay kapwa makakatanggap ng lahat ng mga kinakailangang paunawa sa hinaharap. Gayunpaman, ang mga paunawa ng pagpupulong ng komiteng ARD ay hindi imbitasyon para dumalo ka sa mga pagpupulong. Maaari ka lamang dumalo sa mga pagpupulong kapag inimitahan ka ng iyong nasa hustong gulang na mag-aaral o nagbigay ang paaralan ng pahintulot na imbitahin ka.

Mga Batang May Awtismo

Para sa isang batang may awtismo, may labing-isang stratehiya na kailangang maisa-alang-alang, base sa pinagbalik-aralan ng mga kabarkada/ka-edad, base sa pag-aaral na mga gawing pang-edukasyon sa pinaka-praktikal na maaabot. Kapag kinakailangan, kailangang matalakay ang mga stratehiya na ito sa IEP. Kapag hindi kailangan, kailangang maisama sa IEP ang isang pahayag na nagsasabi ng ganoon at ang basihan na naging dahilan ng pagkatiyak. Ang mga karagdagang stratehiya na kailangang maisa-alang-alang ng komiteng ARD ay:

- pinahabang programa ng pang-edukasyon;
- pang-araw-araw na iskedyul na nagpapamalal ng pinakakaunting oras na hindi hinigpitan;
- pagsasanay sa loob ng tahanan (in-home) at base sa komunidad, o mga alternatibong maaaring magamit;
- Mga stratehiyang suporta sa positibong pag-asal;
- pagpapalano sa hinaharap;
- pagsasanay ng magulang/pamilya, at suporta;
- akmang proporsyon ng tauhan sa bata na nararapat sa mga natukoy na aktibidad;
- pamamagitan sa pakikipag-ugnayan;
- galing sa pakikisalamuha at suporta at stratehiya;
- propesyonal na edukador/suporta ng tauhan; at
- mga stratehiya sa pagtuturo base sa pinagbalik-aralan ng kabarkada/kaedad, base sa pag-aaral na mga gawi.

Mga Batang Bingi o Hirap Maka-rinig

Para sa isang batang bingi o hirap makarinig, kailangang maisa-alang-alang para sa bata ng komiteng ARD ang mga sumusunod :

- wika at mga pangangailangan sa pakikipag-ugnayan;
- mga pagkakataon para sa hayagang pakikipag-ugnayan sa mga kabarkada/ka-edad at mga tauhang propesyonal sa istilo ng wika at pakikipag-ugnayan ng bata;
- academic na lebel; at
- buong pangkat ng pangangailangan ng bata, kasama ang mga pagkakataon para sa hayagang pagtuturo sa istilo ng wika at pakikipag-ugnayan ng bata.

Mga Batang Bulag o Hirap Makakita

Para sa isang batang bulag o hirap makakita, kailangang maisa-alang-alang ng komiteng ARD ang mga pangangailangan ng bata sa:

- pagbasa at pagtuturo sa pagbasa at paggamit ng brayle;
- kakayahan sa pagtumbas (compensatory skills), gaya ng brayle at pagpapa-unlad ng konsepto, at iba pang kakayahang kailangan upang makamit ang nalalabi sa kurikulum;
- pagtuturo sa oryentasyon at pagpapalipat-lipat (mobility);
- galing sa pakikisalamuha (social interaction skills);
- pagpapalano ng karera;
- teknolohiya na pantulong, kasama ang mga kagamitan sa mata (optical devices);
- galing o kakayahan na mamuhay mag-isa;
- aliwan
- pansariling-katibayan ng loob; at
- kagalingan sa sensoryo.

Mga Plano sa Pamamagitan ng Pag-asal

Kung matiyak ng komiteng ARD na ang plano ng pagpapabuti ng pag-asal o plano ng pamamagitan sa pag-asal (*behavioral intervention plan (BIP)*) ay nararapat sa'yong anak, kailangang maisama ang plano na iyon sa parte ng IEP ng iyong anak at ikaloob sa bawat guro na may responsibilidad sa pagtuturo ng iyong anak.

Mga Serbisyo sa Pagpapahaba ng Taon ng Pasukan (ESY)

Kailangang pag-isipan ng komiteng ARD kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga ESY services. Magiging kwalipikado ang iyong anak sa ESY services kung, sa isa isa o higit pang kritikal na lugar na tinalakay sa pangkasalukuyang IEP ng iyong anak, nagpamalas ang iyong anak, o risonableng maaasahan sya na magpamalas, ng lubhang o malamang na manumbalik (substantial regression) na hindi na mababawi pa sa loob ng risonableng panahon. Ang salitang *severe (lubha)* o *substantial regression* (malamang na manumbalik) ay nangangahulugan na ang bata ay naging, o magiging, di maaring magpanatili ng isa o higit pang natutunang kritikal na galing/kakayahan sa kawalan ng ESY services.

Kung matiyak ng komiteng ARD na ang iyong anak ay mangangailangan ng ESY services, sa

gayon ay kailangang makilala ng IEP kung ano sa mga layunin sa IEP ang tatalakayin habang sinasagawa ang ESY services. Kung hindi minungkahi ng iyong paaralan na talakayin ang ESY services sa taunang pulong ng komiteng ARD ng iyong anak, maaari kang humiling na talakayin ng komiteng ARD ng iyong anak ang pagiging karapat-dapat nya sa mga ESY services. Ang mga impormasyon tungkol sa ESY services ay matatagpuan sa http://tea.texas.gov/Curriculum_and_Instructional_Programs/Special_Education/Programs_and_Services/Extended_School_Year_Services_for_Students_with_Disabilities/.

Pagtatalaga

Hinihingi ng IDEA na ang bata na may kapansanan ay maging edukado sa kapaligiran na may pinaka-maliit na paghihigpit (*least restrictive environment*). Nangangahulugan ito na ang iyong anak ay tuturuan kasama ang mga batang walang kapansanan sa pinaka-maaabot na nararapat. Ang pagtanggap ng iyong anak mula sa regular na pang-edukasyon na kapaligiran ay maaaring maganap lang kung ang kalikasan o tindi ng kanyang kapansanan ay gayun na ang edukasyon sa regular na mga klase gamit ang mga pantulong at mga serbisyo ay hindi makakamit ng may pagkasiya.

Ang mga pantulong (Supplementary aids) at mga serbisyo ay tumutukoy sa mga tulong, serbisyo, at mga ibang suporta na hindi pinagkakaloob sa regular education classes, mga ibang kaugnay na pook ng edukasyon, at sa mga pook ng extracurricular at nonacademic, upang mabigyan ng kakayahan ang mga batang may kapansanan na maturuan kasama ang mga batang walang kapansanan hanggang sa pinaka-maaabot na nararapat.

Ang pinaka-buod ng proseso ng special education ay nagsasangkot sa pagtutukoy ng angkop na pang-edukasyon na pagtatalaga para sa pagpapatupad ng IEP ng bata. Ang pagtatalaga ay tumutukoy sa mga puntos sa pagpapatuloy ng mga pagpipilian sa pagtatalaga (hal. mga regular na klase, mga espesyal na klase, mga espesyal na paaralan, pagtuturo sa tahanan, pagtuturo sa mga ospital at institusyon) na inilalaan sa bata na may kapansanan. Ang pagtatalaga ay hindi tumutukoy sa tiyak na pisikal na lokasyon o bahagi kung saan ihahatid ang mga serbisyo. Ang komiteng ARD ang nagpapasya sa pang-edukasyon na pagtatalaga batay sa IEP ng bata.

Pagpapasya ng Komiteng ARD

Isang pagpapasya ng komiteng ARD patungkol sa hinihinging elemento ng IEP ay kailangang sinang-ayunang kapwa ng lahat ng mga kasapi hanggat maaari. Ang sinang-ayunang kapwa ng lahat ay tinatawag na *consensus*. Kailangang magtrabaho ang komiteng ARD patungo sa isang consensus, ngunit ang paaralan ang may pinaka-malaking responsibilidad upang masiguro na makasama sa IEP ang mga serbisyo na kakailanganin ng iyong anak upang tumanggap ng FAPE. Hindi nararapat na gumawa ng mga pagpapasya ng ARD base sa mga boto ng mayorya. [Dapat magpahiwatig ang IEP kung sumasang-ayon o hindi ang administrador sa mga desisyon ng komiteng ARD.](#)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga pagpapasya ng komiteng ARD, hahandugan ka ng isang pagkakataong magkaroon ang komite ng recess ng ilang panahon na hindi hihigit sa 10 araw ng pagpasok maliban kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundong hindi. Kung tatanggapin mo ang handog na mag-recess at muling magpulong, kailangang iskedyl ng komiteng ARD ang muling pagpupulong sa pinagkasunduang oras at lugar.

Gayunpaman, kung ang paglalagi ng iyong anak sa bakyan ng paaralan/campus ay maaaring mapanganib sa iyong anak o sa iba pang tao, o kung ang iyong anak ay may nagawang kasalanan na makapagpapatalis sa kanya o magiging sanhi ng kanyang pagtatakda sa programa ng disiplinang alternatibong edukasyon, di kailangan ng komiteng ARD na mag-recess kahit na di ka sumang-ayon sa kanilang mga pagpapasya.

Habang nasa recess, kailangang maisa-alang-alang ng mga kasapi ang mga alternatibo, magtipon ng mga karagdagang impormasyon, maghanda ng marami pang dokumentasyon, at/o kumuha ng karagdagang tauhang mapagkukunan ng impormasyon na makakatulong sa igay sa komiteng ARD na gumawa ng kasunduan masasang-ayon an ng lahat. Kung magpulong muli ang komiteng ARD at patuloy kang hindi sumang-ayon, maliban kung ang di pagsang-ayon ay patungkol sa unang pagkakaloob ng mga serbisyo na nangailangan ng pagpayag, kailangang ipatupad ang IEP na pinagpasyahan ng paaralan na nararapat sa bata.

Kapag walang napag-kasunduan, kailangang mapasama sa IEP ang isang nakasulat na pahayag na base ng di pagkaka-unawaan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya ng komiteng ARD, kailangang handugan ka ng pagkakataong magsulat ng iyong sariling pahayag ng di pagsang-ayon. Kailangang pagkalooban ka ng paaralan na naunang nakasulat na paunawa ng di bababa sa limang araw ng pagpasok bago mapatupad ang IEP, maliban kung ikaw ay sumang-ayon sa mas maikling timeframe.

Maaari ring piliin ng komiteng ARD na mag-recess para sa mga kadahilanang maliban sa pagkabigo na makakuha ng pagsang-ayon sa lahat ng hinihingin elemento ng IEP.

Kopya ng IEP

Ang paaralan ay kailangang bigyan ka ng libreng kopya ng IEP ng iyong anak. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles at ang iyong katutubong wika ay Espanyol, kailangang magbigay ang paaralan ng nakasulat o naka-rekord na audio ng IEP ng iyong anak na isinalin sa Espanyol. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles at ang iyong katutubong wika ay hindi Espanyol, kailangang gawin ng paaralan ang makakaya nito na magbigay ng nakasulat na kopya o naka-rekord na audio ng IEP ng iyong anak na nakasalin sa iyong katutubong wika. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles at ang iyong katutubong wika ay hindi nasusulat na wika, kailangang gumawa ng hakbang ang paaralan upang tiyakin na ang IEP ng iyong anak ay naisalin sa salita o sa ibang paraan sa iyong katutubong wika. Ang nakasulat na pagsasalin ay ibig sabihing lahat ng mga salita sa IEP ng iyong anak ay naisalin sa nakasulat na anyo. Maaring magbigay ang paaralan sa inyo ng audio na record ng pagpupulong ng komite ng ARD kung ikaw ay tutulungan ng isang tagapagsalin o ng isang pagsasalin ng pagpupulong, kung lahat ng nilalaman sa IEP ng iyong anak ay nakasalin sa salita at naka-rekord.

Pagbabalik-Aral ng Individualized Education Program (IEP)

Kailangang magpulong isang beses man lang sa isang taon ang komiteng ARD upang mapagbalik-aralan ang IEP ng iyong anak at matiyak kung ang mga taunang layunin ay nakakamit. Maaari ring magpulong ang komite ng mas madalas pa sa taunan upang mabago ang IEP ng iyong anak, kapag nararapat, upang matalakay ang:

- ano mang kawalan ng inaasahang pag-unlad patungo sa taunang layunin at sa pangkalahatang kurikulum;

- mga resulta ng ano mang muling pagsusuri;
- impormasyon patungkol sa bata na ipagkakaloob, o pinagkaloob, ng mga magulang;
- mga inaasahang pangangailangan ng bata; o
- ibang mga paksa.

Maaari kang humiling ng pagpupulong ng komiteng ARD upang mapag-usapan ang mga bagay-bagay na pang-edukasyon ng iyong anak. Kailangang mapagbigyan ng paaralan ang iyong hiling na magpulong o, sa loob ng limang araw ng pagpasok, bigyan ka ng nakasulat na paunawa na nagpapaliwanag kung bakit tumatangi ang paaralan na magpulong. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles, kailangang magbigay ang paaralan ng paunawa sa iyong katutubong wika, maliban kung sadyang hindi maaari na gawin ito. Kung ang iyong katutubong wika ay hindi nakasulat na wika, kailangang gumawa ng hakbang ang paaralan upang tiyakin na ang paunawa ay naisalin sa salita o sa ibang paraan upang maintindihan mo ang paunawa.

Maaari kayong magsang-ayon ng paaralan na gumawa ng pagbabago sa IEP ng hindi magpupulong ang komieng ARD. Gayunpaman, ang mga pagbabago sa pagtitiyak ng pagiging karapat-dapat, pagbabago sa pagtatakda, at mga pagtitiyak sa mga pagpapakita (manifestation determinations) ay kailangang magawa sa pagpupulong ng komiteng ARD. Kung baguhin ang IEP sa labas ng pagpupulong ng komiteng ARD, kailangang may nakasulat na dokumento na nagpapamalas ng pinagkasunduan na pagbabago. Sa kahilingan, kailangang pagkalooban ka ng paaralan ng kopya ng binagong IEP na nakasali na ang mga pagbabago. Bilang karagdagan, kailangang masiguro ng paaralan na ang komiteng ARD ng bata ay nasabihan tungkol sa mga pagbabago.

Muling Pagsusuri (Reevaluation)

Sa oras na magsimula ang iyong anak na tumanggap ng special education at kaugnay na mga serbisyo, palagiang muling pagsusuri ay kinakailangan Kailangang gumawa ng risonableng pagsisikap ang paaralan upang makamit ang iyong pagpayag para sa muling pagsusuri. Kung mabigo kang tumugon kahit na may risonableng pagsisikap, maaaring magsagawa ang paaralan ng muling pagsusuri ng walang pagpayag mo. Kung tumanggi kang magbigay ng pagpayag para sa muling pagsusuri ng iyong anak, maaari ang paaralan, ngunit hindi inuobluga, humingi ng isang pamamagitan o humiling ng isang kinakailangang proseso ng pagdinig na mangingibabaw sa iyong kawalan ng pagpayag sa muling pagsusuri. Hindi lumalabag ang paaralan sa kanyang child find duty o obligasyon na suriin ang iyong anak kung ang paaralan ay hindi humingi na pangibabawan ang iyong pagtanggig sa pagpayag sa muling pagsusuri.

Ang muling pagsusuri ay kagaya ng unang pagsusuri. Kailangang sapat na malawak ang saklaw ng muling pagsusuri upang matiyak kung magpapatuloy pa ang iyong anak bilang bata na may kapansanan at mangangailangan ng mga serbisyo ng special education. Maliban kung ikaw at ang paaralan ay magkasundo na hindi, isang muling pagsusuri ng mga pangangailangan ng iyong anak ay kailangang maisagawa ng di bababa sa bawat tatlong taon. Hindi hihigit sa isa lang na muling pagsusuri ang maaaring maganap sa loob ng isang taon maliban kung ikaw at anag paaralan ay sumang-ayon.

Isang *review of existing evaluation data (REED)* o pagbabalik-aral ng mga data ng pangkasallukuyang pagsusuri ang kailangang maganap bilang parte ng unang pagsusuri, kung

nararapat, at bilang parte ng ano mang muling pagsusuri ng isang bata sa ilalim ng IDEA. Hindi inuobligang ang paaralan na makuha ang iyong pagpayag sa pagbabalik-aral ng mga data ng pangkasalukuyang pagsusuri. Kailangang pamahalaan ng komiteng ARD ang REED, kasma ka, ngunit hindi kailangang maganap ito sa isang pagpupulong. Kailangang mabalik-aral ng mga kasapi ang mga data ng pangkasalukuyang pagsusuri tungkol sa iyong anak. Kasama ang mga impormasyon na iyong ipinagkaloob, upang matiyak ang lawak ng pagsusuri o muling pagsusuri.

Kung tumatanggap na ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo, magpapasya ang komiteng ARD kung anong karagdagang pagsusuri, kung meron man, ang kailangan upang matiyak kung gagawa ng mga pagdadagdag o pagbabago sa special education at mga kaugnay na serbisyo ng iyong anak.

Kung magpasya ang komiteng ARD na hindi na kailangan ang karagdagang pagsusuri upang matiyak kung magpapatuloy na mangailangan ng mga serbisyo sa special education, kailangang maipaliwanag ang mga dahilan para sa pagpapasya sa'yo. Pagkatapos na maipaliwanag kung bakit natiyak ng komiteng ARD committee na ang pangkasalukuyang data ng pagsusuri ay sapat na, hindi na kinakailangan pa ng paaralan na magsagawa ng isang bagong pagsusuri upang matapos ang isang kinakailangang muling pagsusuri maliban kung ito ay hiniling mo na gawin ng paaralan.

Malayang Pang-Edukasyong Pagsusuri (Independent Educational Evaluation)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagsusuri o muling pagsusuri ng paaralan, maaari kang humiling ng isang *independent educational evaluation (IEE)* na tutustusan ng paaralan. Kailangan kang bigyan ng paaralan impormasyon kung saan makukuha ang isang IEE at mabigyan ka ng kopya ng mga panuntunan para makakuha ng IEE. Kailangang pumasa ang IEE sa panuntunan ng paaralan.

Kapag humiling ka ng IEE, kailangang bayaran ng paaralan ang IEE o humiling ng kinakailangang proseso ng pagdinig upang mapakita na ang pagsusuri nila ay nararapat. May karapatan ka sa isa lamang na IEE na bayad ng publiko sa bawat oras na magsagawa ng pagsusuri ang isang paaralan. Kung humiling ng pagdinig ang paaralan at ang opisyal sa pagdinig o hearing officer ay nagpasya na ang pagsusuri ng paaralan ay nararapat, may karapatan ka pa rin para sa isang IEE, ngunit hindi ito babayaran ng paaralan. Ang mga impormasyon na makukuha sa IEE na pumapasa sa panuntunan ng paaralan ay kailangang maisa-alang-alang ng komiteng ARD base sa tustos ng isang FAPE na walang kinalalaman sa kung binayaran ng paaralan ang IEE.

Pagpayag Para sa Mga Serbisyo

Gaya ng iyong kapangyarihan na magbigay ng pagpayag sa unang tustos ng special education at kaugnay na mga serbisyo, may karapatan ka ring bawiin ang iyong pagpayag para sa mga serbisyo. Ang iyong pagbawi ng pagpayag ay kailangang nakasulat. Sa oras na matanggap ng paaralan iyong nakasulat na pagbawi, kailangang respetuhin nila ang iyong kapasyahan. Gayunpaman, bago putulin ng paaralan ang mga serbisyo, kailangang magkaloob sila sa'yo ng isang paunang nakasulat na paunawa na ititigil na ang mga serbisyo. Bagamat kailangang putulin ng paaralan ang mga serbisyo, hindi obligado ang paaralan na baguhin ang pang-

edukasyon na record ng iyong anak upang matanggal ang ano mang tumutukoy sa mga dating serbisyo sa special education at kaugnay na serbisyo sa nakaraan.

Kapag binawi mo ang iyong pagpayag para sa patuloy na tustos ng special education at mga kaugnay na serbisyo, ipapalagay na ang iyong anak ay isang mag-aaral ng pangkalahatang edukasyon (general education student) at hindi na sya magiging karapat-dapat sa ano mang proteksyon sa ilalim ng IDEA. Atsaka, kapag binawi mo ang iyong pagpayag sa mga serbisyo, hindi na maaari pang humiling ang paaralan ng isang pamamagitan o isang kinakailangang proseso ng pandinig sa pagsubok nilang baguhin o hamunin ang iyong pagpapasya.

Pagtatapos (Graduation)

Isa sa mga layunin ng public education system (pampublikong sistema sa edukasyon) sa Texas na ang lahat ng mag-aaral ay manatili sa paaralan hanggang makakuha sila ng high school diploma. Kailangang makamit ng mag-aaral ang ilang pamantayan (standards) upang makapag-tapos na may regular na high school diploma. Para sa isang bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa special education, kailangang sumunod ang paaralan sa ilang pamamaraan kapag naghahanda ng pagtatapos ng mag-aaral o pagwawakas ng mga serbisyo sa special education ng mag-aaral sapagkat ang mag-aaral ay hindi na karapat-dapat sa hinihinging edad (age eligibility requirements). Bilang karagdagan, may mahalagang ginagampanan ang komiteng ARD sa ilang mga pagpapasya na may kaugnayan sa pagtatapos.

Sa ilalim ng IDEA, kailangang handang magbigay ng mga serbisyo sa special education sa isang karapat-dapat na bata o mag-aaral na may hustong gulang hanggat sya ay magtapos na may regular na high school diploma o higitan pa ang edad na hinihinging karapat-dapat (age eligibility requirements) para sa special education sa ilalim ng batas ng estado, na 21 taong gulang sa Texas. Ang isang mag-aaral na may hustong gulang na tumatanggap ng mga serbisyo sa special education na 21 taong gulang sa pagsapit ng ika-1 ng Setyembre sa taon ng pasukan ay karapat-dapat para sa mga serbisyo hanggang sa katapusan ng taon ng pasukan na iyon o hanggang sya ay magtapos at magawaran ng regular na high school diploma sa pagkamit nya ng panunuran ng kurikulum at mga kinakailangang kredito (credit requirements) na nararapat sa mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon, anu man ang maunang maganap.

Kapag wawakasan ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak o mag-aaral na may hustong gulang sa special education dahil sa pagtatapos na may regular na high school diploma o dahil sa humihigit sya sa nararapat na edad para sa mga serbisyo ng special education, kailangang bigyan ka ng paaralan ng paunang nakasulat na paunawa ng pagwawakas ng mga serbisyo. Atsaka, kailangan ring bigyan ng paaralan ang bata o mag-aaral na may hustong gulang ng isang buod ng kanyang natamo sa academic (academic achievement) at pam-punsyonal na kaganapan (functional performance).

Ang isang bata o mag-aaral na may hustong gulang na tumatanggap ng mga serbisyo sa special education ay maaaring magtapos at magawaran ng regular na high school diploma sa pagkamit nya ng kaparehong pamantayan ng kurikulum at mga kinakailangang kredito na nararapat sa mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon sa ilalim ng isa sa apat na

programa ng pagtatapos (i.s. Foundation High School Program (programang pundasyon sa high school), Recommended High School Program (programang minungkahi sa high school), Distinguished Achievement High School Program (programa ng katangi-tanging natamo sa high school), o Minimum High School Program (programang pinakamababa sa high school), pati na ang pagpasa sa hinihinging pagtatasa ng estado.

Ang lahat ng mga mag-aaral na magsisipagtapos na karapat-dapat para sa mga serbisyong special education ay dapat bigyan ng buod ng akademikong nakamit at pagganap ng tungkulin. Ang buod na ito ay dapat magsaalang-alang, bilang nararapat, ng pananaw ng magulang at mag-aaral at mga nakasulat na rekomendasyon mula sa serbisyo ng mga ahensiya para sa may hustong gulang kung paano sasakloloan ang mag-aaral para makamit ang mga postsecondary na layunin. Para sa ilang mga mag-aaral, dapat kasama sa buod ang pagsusuri sa mag-aaral.

Ang isang bata o mag-aaral na may hustong gulang na nagtapos ngunit hindi humihigit sa 22 taong gulang ay maaari, base sa ilang kalagayan, makabalik sa pag-aaral at tumanggap ng mga serbisyo hanggang sa katapusan ng taon ng pasukan hanggang sya ay umabot ng 22 taong gulang. Kung inaasam ng iyong anak na bumalik pagkatapos ng kanyang pagtatapos, kailangang matiyak ng komiteng ARD ang mga kinakailangang serbisyong pang-edukasyon.

Disiplina

May mga tuntunin na ginagamit sa aksyon ng pagdidisiplina sa isang batang may kapansanan na ginagamit rin sa pagdidisiplina ng mga mag-aaral na walang kapansanan. Sa pangkalahatan, ang isang bata na may kapansanan ay hindi maaaring matanggal sa kanyang pangkasalukuyang pang-edukasyong pagtatalaga o kalagayan ng higit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok kung ang maling asal ay may kaugnayan sa kanyang kapansanan. Bilang karagdagan, may ilang sitwasyong pang-disiplina sa batang may kapansanan na umuusbong at nagdudulot ng pangangailangan sa komiteng ARD na magsagawa ng pagpupulong.

Maikling Panahong Pagtatanggal (Short-Term Removals)

Maaaring tanggalin ng mga opisyal na paaralan ang iyong anak sa kanyang pangkasalukuyang pagtatalagang pang-edukasyon kung ang iyong anak ay lumabag sa kodigo ng pag-asal ng mag-aaral (code of student conduct). Ang pagkakatanggal na ito ay maaaring sa nararapat na pansamantalang alternatibong kalagayang pang-edukasyon o *interim alternative educational setting (IAES)*, isa pang kalagayan, o pagsuspindi ng hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok (sa maaabot na ang parusa o disciplinary measure ay gagamitin sa mga batang walang kapansanan); at, para sa karagdagang pagtatanggal ng hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok sa taon ng pagpasok na iyon para sa magkaibang insidente ng maling asal (bastat ang pagtatanggal ay hindi nangangahulugang pagbabago ng pagtatakda). Madalas na tinatawag itong *10-day rule*.

Ang pagtatanggal sa pagdidisiplina ng 10 magkakasunod na araw ng pagpasok o kulang pa ay hindi magdudulot ng pangangailangan sa komiteng ARD na magpulong. Kinakailangan lang ang paaralan na magkaloob ng mga serbisyo sa'yong anak sa maikling panahon ng pagtatanggal kung magkaloob sila ng mga serbisyo sa isang bata na walang kapansanan na natanggal rin sa ganuong paraan.

Mga Naipong Pagtatanggal (Cumulative Removals) na Bumuo ng 10 Araw o Higit Pa

Maaaring mag-utos ang mga opisyaes ng paaralan ng maikling panahong pagtatanggal sa taon ng pasukang rin na iyun para sa mga magkaibang insidente ng maling pag-asal, bastat ang pagtatanggal ay hindi nangangahulugan ng pagbabago sa pagtatakda. Pagkatapos na natanggal ang iyong anak ng 10 naipong araw ng pagpasok sa taon ng pasukang iyun, kung ang pangkasalukuyang pagtanggap ay para sa hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok at hindi ito pagbabago ng pagtatalaga, kailangang magkaloob ang paaralan ng mga serbisyo upang mabigyan ng pagkakataon ang iyong anak na magpatuloy sa paglahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, kahit na sa ibang kalagayan, at upang umunlad patungo sa pagkamit ng mga layunin na isinaad ng IEP ng iyong anak. Kailangang kumunsulta ang mga tauhan ng paaralan sa kahit isa lamang na guro ng iyong anak upang mapagpasya kung anong mga serbisyo ang kinakailangan.

Pagbabago ng Pagtatalaga

Ang pagtatanggal ng isang bata na may kapansanan sa kanyang pangkasalukuyang pang-edukasyong pagtatalaga ay isang pagbabago ng pagtatalaga kung ang pagtatanggal ay para sa higit pa sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok o ang bata ay nagkaroon na ng kabit-kabit ng pagtatanggal na bumubuo na ng huwaran. Nabubuo ang huwaran kapag:

- ang pagtatanggal ay bumubuo ng higit sa 10 araw ng pagpasok sa isang taon ng pasukan;
- ang asal ng bata ay karamihang kagaya sa asal nya sa mga nakaraang insidente na nagbunga sa kabit-kabit na pagtatanggal; at
- ibang mga sanhi gaya ng tagal ng pagtanggap, ang kabuuang panahon na natanggal ang bata, at ang pagkakalapit ng pagtatanggal sa isat-isa.

Titiyakin ng paaralan base sa bawat kaso (case-by-case basis) kung ang huwaran ng pagtatanggal ay tumutumbas sa pagbabago ng pagtatalaga. Maaari mong hamunin ang pagpapasya ng paaralan tungkol dito sa kinakailangang proseso ng pagdinig o litigasyon (litigasyon).

Kung magmungkahi ang paaralan ng pagtatanggal na mangangahulugang pagbabago ng pagtatalaga, kailangang magpasabi sa'yo ang mga opisyaes ng paaralan ng ganoong pagpapasya at pagkalooban ka ng kopya ng [Notice of Procedural Safeguards](#) o [Paunawa ng Mga Pamamaraan ng Pangangalaga](#). Kailangang maisagawa ito sa petsa kung kailan ginawa ang pagpapasya para mabago ang pagtatalaga ng bata. Bilang karagdagan, kailangang magpulong ang komiteng ARD upang magsagawa ng tinatawag na *manifestation determination* (pagtitiyak na pagpapakita).

Pagtitiyak na Pagpapakita

Kapag nagsasagawa ng manifestation determination, kailangang pagbalik-aralan ng komiteng

ARD ang lahat ng nauukol na impormasyon sa file ng iyong anak, kasama na ang IEP, ano mang mga puna ng guro, at ano mang nauukol na impormasyon na ipinagkaloob mo upang matiyak:

- kung ang kinekwestyong asal ay sanhi ng, o may hayagan at may lamang kaugnayan sa kapansanan ng iyong anak; o
- kung ang kinekwestyong asal ay hayagang resulta ng pagkabigo ng paaralan na isagawa ang IEP.

Kung matiyak ng komiteng ARD kung ano mang kundisyon ang makamit, ang asal ay pagpapakita ng kapansanan ng bata. Kung matiyak ng komiteng ARD na ni isa sa mga kundisyon ang nakamit, sa gayun ay hindi pagpapakita ng kapansanan ng bata ang asal.

Kapag Ang Asal ay Pagpapakita

Kapag ang asal ay pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, kailangang isagawa ng komiteng ARD ang ano man sa dalawa:

- magsagawa ng *functional behavioral assessment (FBA)* o pagtatasa ng pam-punsyonal na asal, maliban kung nagsagawa na ang paaralan ng FBA bago pa naganap ang pagbabago ng pagkatalaga na sanhi ng asal, at magsagawa ng BIP; o
- kung mayroon ng BIP, pagbalik-aralan ang BIP at baguhin ito kapag kinakailangan upang matugunan ang asal.

Bilang karagdagan, kailangang ibalik ng komiteng ARD ang iyong anak sa pagkatalaga kung saan sya tinanggal maliban kung:

- kapwa kayo ng paaralan ay sumang-ayon na baguhin ang pagkatalaga bilang parte ng pagbabago ng BIP ng iyong anak; o
- ang pagkalabag ng iyong anak sa koda ng pag-asal ng mag-aaral ay may kinalaman sa isa sa mga espesyal na kalagayan na inilarawan sa ibaba.

Kung pagpasyahan ng komiteng ARD na ang asal ng iyong anak ay sanhi ng pagkabigo ng paaralan na isagawa ang IEP, kailangang gumawa kaagad ng mga hakbangin upang maremedyuhan ang mga kakulangan.

Kapag Ang Asal ay Hindi Pagpapakita

Kung ang asal ay hindi pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, maaaring disiplinahin ng mga tauhan ng paaralan ang iyong anak gaya ng ibang bata, liban lang na kailangan pa ring magpatuloy ang mga nararapat na serbisyong pang-edukasyon. Titiyaking ng komiteng ARD ng bata ang IAES kung saan paglilingkuran ang bata.

Espesyal na Kalagayan

Maaaring tanggalin ng opisyal ng paaralan ang iyong anak sa IAES hanggang sa 45 araw ng pagpasok ng walang pagbibigay-pansin sa kung ang asal ay pagpapakita ng kanyang kapansanan sa mga kaso kung saan ang iyong anak ay:

- magdala o umangkin ng sandata sa paaralans, sa bakuran ng paaralan, o sa isang pagtitipon ng paaralan;
- may buong kaalamang nag-aangkin o gumagamit ng bawal na gamot o nagbebenta o bumibili ng mga kontroladong gamot (controlled substance) habang nasa paaralan, nasa bakuran ng paaralan, o nasa pagtitipon ng paaralan; o
- nagdulot ng siryosong pinsala sa katawan sa ibang tao habang nasa paaralan, sa bakuran ng paaralan, o sa pagtitipon ng paaralan.

Titiyakin ng komiteng ARD ang IAES kung saan paglilingkuran ang bata.

Mga Proteksyon sa Mga Bata Na Hindi Pa Natitiyak Na Karapat-dapat

Kung hindi pa natitiyak na karapat-dapat ang iyong anak para sa special education at mga kaugnay na serbisyo ngunit sya ay gumawa na ng pag-asal na lumabag sa koda ng asal ng mag-aaral, ang iyong anak ay may karapatan sa mga pamamaraang proteksyon (procedural protections) sa IDEA kung may kaalaman ang paaralan na ang iyong anak ay batang may kapansanan bago naganap ang pag-asal. Karagdagang impormasyon ukol sa paksang ito ay matatagpuan sa [Notice of Procedural Safeguards](#).

Pinabilis na Kinakailangang Proseso ng Pagdinig (Expedited Due Process Hearing)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya patungkol sa pagtatalaga sa isang IAES o pagtitiyak ng pagpapakita (manifestation determination), maaari kang humiling ng expedited due process hearing. Maaari ring humiling ang paaralan kung nais nilang hamunin ang pagbalik ng iyong anak sa paaralan pagkatapos na matiyak ng komiteng ARD na ang kanyang asal ay pagpapakita ng kanyang kapansanan.

Pagtutol sa Kapasyahan (Dispute Resolution)

May mga pagkakataon na may tututol ukol sa pagkilala, pagsusuri, pang-edukasyong pagkatalaga, o pagtustos ng FAPE sa iyong anak na may kapansanan. Kung magkaroon ng di pagsang-ayon, ikaw ay hinihimok na makipagtrabaho sa tauhan ng paaralan upang maayos ang mga di-pagkaka-unawaan kapag ito ay naganap. Maaari mong tanungin ang paaralan kung anong ang hinahandog nito sa mga magulang. Ang TEA ay naghahandog ng apat na pormal na pagpipilian sa pag-aayos ng mga di-pag-kakaunawaan patungkol sa special education: pagpapadali ng IEP sa estado, mga serbisyo ng pamamagitan, ang special education complaint resolution process (prosesong pang-special education na paglutas ng reklamo), at ang programa ng kinakailangang proseso ng pagdinig.

Ang mga impormasyon tungkol sa mga pagpipiliang pagtutol sa kapasyahan ng TEA (dispute resolution options) ay maaaring matagpuan sa [Notice of Procedural Safeguards](#). [Additional information may be found Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa website ng TEA sa sumusunod na URL: \[https://tea.texas.gov/Academics/Special_Student_Populations/Special_Education/Dispute_Resolution/Special_Education_Dispute_Resolution_Processes/\]\(https://tea.texas.gov/Academics/Special_Student_Populations/Special_Education/Dispute_Resolution/Special_Education_Dispute_Resolution_Processes/\).](#)

Karagdagang Tulong

Para sa kumpletong listahan ng mga kahulugan ng mga acronyms natatagpuan sa dokumentong ito, bumisita sa <http://framework.esc18.net/display/Webforms/ESC-FW-Glossary.aspx?DT=G&LID=en>.

Mga kopya ng [*Notice of Procedural Safeguards*](#) ay makukuha rin sa wikang Ingles at Kastila sa pagbisita sa <http://framework.esc18.net/> o makaka-hiling ka ng isang kopya mula sa tagapayo ng paaralan (school counselor) o sa kagawaran ng special education ng paaralan.